# ABISO SA IMPORMASYON NG BIKTIMA/ DEPARTAMENTO NG PULISYA NG CHICAGO

*HINDI ITO OPISYAL NA ULAT NG PULIS - ITO AY PARA LAMANG SA MGA PANG-IMPORMASYONG LAYUNIN.*

**Numero ng R.D.** ____________________

INSIDENTE ____________________ CODE SA IUCR ____________ PETSA/ORAS NG PANGYAYARI ____________________

PANGALAN NG BIKTIMA/NAGREREKLAMO ____________________ PUROK/YUNIT KUNG SAAN NAKATALAGA ________ PUROK NG PANGYAYARI ________

PANGALAN NG KASO - MGA TAO NG ESTADO NG ILLINOIS/LUNGSOD NG CHICAGO laban kay ____________________

Kung may naganap na pag-aresto, ang sumusunod ay ang iyong impormasyon sa hukuman: Petsa: ________ Oras: ________ Sangay ng Hukuman: ________ Lokasyon ng Hukuman: ________

Kung kailangan mo ng higit pang tulong, tumawag sa Yunit sa Pagtulong sa Biktima at Saksi (Victim Witness Assistance Unit) ng Tanggapan ng Abogado (Attorney's Office) ng Estado ng Cook County sa (773) 674 - 7200.

Ilalagay sa file ng Departamento ng Pulisya ng Chicago ang iyong kaso sa ilalim ng nakalistang Numero ng R.D. sa itaas. Sumangguni sa numerong ito tuwing nakikipag-ugnayan sa Departamento ng Pulisya ng Chicago tungkol sa insidenteng ito. Itatakda ang kaso mo para sa follow-up na imbestigasyon batay sa mga partikular na katotohanang nakuha mula sa paunang imbestigasyon. Matataya ng pagkakaroon ng mga katotohanang ito kung malamang na magreresulta ang komprehensibong follow-up na imbestigasyon sa pag-aaresto at pag-uusig ng (mga) pinaghihinalaan o pagbawi ng ari-arian. Susuriin at pananatilihin ang iyong kaso para matukoy kung makikilala ang mga aktibong kriminal sa lugar, *Hindi regular na makikipag-ugnayan sa iyo ang imbestigador maliban kung kinakailangan ang karagdagang impormasyon o kailangan ang higit mo pang tulong.*

## PARA MAG-ULAT NG KARAGDAGANG IMPORMASYON

Kung may kaalaman ka sa mga partikular na katotohanang maaaring makatulong sa imbestigasyon ng iyong kaso, mangyaring makipag-ugnayan sa minarkahang yunit sa ibaba:

| | MGA KRIMEN SA ARI-ARIAN | MGA MARAHAS NA KRIMEN | MGA ESPESYAL NA BIKTIMA |
|---|---|---|---|
| LUGAR 1 | ☐ (312) 747-8384 | ☐ (312) 747-8380 | ☐ (312) 747-8385 |
| LUGAR 2 | ☐ (312) 747-8273 | ☐ (312) 747-8271 | ☐ (312) 747-8276 |
| LUGAR 3 | ☐ (312) 744-8263 | ☐ (312) 744-8261 | ☐ (312) 744-8266 |
| LUGAR 4 | ☐ (312) 746-8253 | ☐ (312) 746-8251 | ☐ (312) 746-8255 |
| LUGAR 5 | ☐ (312) 746-7394 | ☐ (312) 746-6554 | ☐ (312) 746-6554 |

☐ **YUNIT PARA SA BOMBA** (312) 746-7622

☐ **SEKSIYON SA PAGSUNOG** (312) 746-7618

☐ **YUNIT PARA SA MGA KRIMEN SA PANANALAPI** (312) 746-9661

## MGA NAWAWALANG TAO

☐ Kung ang nawawalang tao ay **wala pang** 18 taong gulang, makipag-ugnayan sa Pambansang Sentro para sa Mga Nawawala at Pinagsasamantalahang Bata (National Center of Missing and Exploited Children) sa 1-800-THE-LOST, www.missingkids.com, Pambansang Safeline para sa Paglalayas sa Bahay (National Runaway Safeline): 1-800-RUN-AWAY, www.1800runaway.org.

☐ Kung ang nawawalang tao ay **mas matanda sa** 18 taong gulang, makipag-ugnayan sa Clearinghouse ng Pulisya ng Estado ng Illinois para sa Mga Nawawalang Tao: 1-800-U-HELP-ME, www.isp.illinois.gov/UnsolvedCrime/MissingPersonsAll.

☐ Kapag nahanap o nakauwi na ang mga taong iniulat na nawawala, makipag-ugnayan sa: (312) 745 - 5019 o (312) 745 -5020.

## KOPYA NG ULAT

Maaaring sapat na ang nakalistang Numero ng R.D. sa itaas para sa mga layunin ng insurance. Gayunpaman, maaaring magkaroon ng mga pagkakataon kung saan ninanais ang kopya ng ulat sa kaso. Maaaring makuha ang kopya ng ulat sa kaso na nagbeberipika na iniulat ang insidente ng pinsala, pagkawala o pagkasira sa Departamento ng Pulisya ng Chicago. Para makakuha ng kopya ng ulat, maaari kang magpadala ng tseke o money order na mababayaran sa "*DEPARTMENT OF REVENUE-CITY OF CHICAGO" (DEPARTAMENTO NG KITA-LUNGSOD NG CHICAGO)* na nagkakahalagang $.50 at may selyong sobre para sa pagbabalik na nakasulat ang address mo sa: Chicago Police Department, Records Division, Customer Service Section, 1st floor, 3510 South Michigan Avenue, Chicago, Illinois 60653. Isama ang sumusunod na impormasyon sa iyong kahilingan: 1) Pangalan at address ng biktima (o ng taong nag-uulat ng krimen), 2) Uri ng insidente, 3) Address ng pangyayari, at 4) Numero ng R.D. Maaari ka ring personal na bumisita o tumawag sa (312) 745-5130 sa pagitan ng 8:00 a.m. - 3:00 p.m., Lunes - Biyernes (hindi kasama ang mga pampublikong holiday).

## MAKIBAHAGI - PAGPUPULIS SA KOMUNIDAD

Hindi malulutas ng pulisya lang ang mga problema sa krimen sa ating Lungsod. Kinakailangan ang aktibo at may-kaalamang komunidad na nakikipagtulungan sa pulisya at iba pang ahensiya ng Lungsod para talagang makagawa ng pagbabago. Samahan ang iyong mga kapitbahay at pulis sa kapitbahayan habang nagtutulungan tayo para mapahusay ang kalidad ng buhay at mabawasan ang krimen sa ating Lungsod. Para malaman kung saang purok ka nakatira o kung paano makibahagi, tumawag sa **311** o bumisita online sa: http://www.home.chicagopolice.org

Numero ng Purok ________ Susunod na Pagpupulong ng Komunidad ng Purok (petsa/oras) ________

sa (lokasyon) ____________________

Para mag-ulat ng nagaganap na krimen o iba pang emergency na nangangailangan ng agarang pagtugon ng pulis, tumawag sa **911**.

Para mag-ulat ng mga sitwasyong hindi emergency, tumawag sa Departamento ng Pulisya sa **311** sa loob ng mga hangganan ng Lungsod, o kung sa labas ng mga hangganan ng Lungsod, tumawag sa (312) 746-6000.

**Para purihin ang isang opisyal, magpadala ng email sa ComplimentCPD@chicagopolice.org.**

## DEVICE SA TELEKOMUNIKASYON PARA SA BINGI/TELETYPE (TDD/TTY)

Para mag-ulat ng emergency sa pulis, dapat i-dial ng mga taong may kapansanan sa pandinig ang 9-1-1. Para sa mga sitwasyong hindi emergency, maaaring makipag-usap ang mga taong may kapansanan sa pandinig sa Departamento ng Pulisya ng Chicago 24 na oras sa isang araw sa pamamagitan ng pagtawag sa 3-1-1.

## PAGKUHA NG WARRANT O PAGPAPATAWAG NG HUKUMAN (SUMMON) PARA SA MGA KASONG KRIMINAL

Kung naganap ang pag-aresto, ipapaalam sa iyo ang petsa, oras, at lokasyon ng mga paglilitis sa hukuman kung saan kailangan ang iyong pagdalo. Kapag nag-ulat ka ng krimen at **hindi** naganap ang pag-aresto, maaari kang personal na pumunta sa angkop na hukumang nakalista sa ibaba para hilingin na simulan ang mga kriminal na paglilitis sa pamamagitan ng warrant o pagpapatawag. Dalhin ang Abiso sa Impormasyon ng Biktima na ito at anumang nauugnay na impormasyon, tulad ng pangalan, pisikal na paglalarawan, at address ng tirahan ng nagkasala sa opisyal sa warrant na nakatalaga sa hukuman sa pagitan ng 8:30 am at 11:30 am, Lunes hanggang Biyernes (hindi kasama ang mga holiday ng hukuman). Pagkatapos ay tutulungan ka ng opisyal sa warrant sa proseso ng pagkuha ng warrant o pagpapatawag.*

| Distrito ng Pulisya ng Pangyayari | Sangay ng Hukuman para sa Warrant o Pagpapatawag ng Hukuman | |
|---|---|---|
| ☐ 14,16,17, 25 | Sangay 23 | 5555 W. Grand Ave. |
| ☐ 18, 19, 20, 24 | Sangay 29 | 5555 W. Grand Ave. |
| ☐ 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 22 | Sangay 35 | 727 E. 111th St. |
| ☐ 1,10,11,12, 15 | Sangay 43 | 3150 W. Flournoy St. |

* Para sa mga insidenteng nauugnay sa karahasan sa tahanan, maglalabas lang ng warrant/pagpapatawag ng hukuman mula sa Hukuman sa Karahasan sa Tahanan na matatagpuan sa 555 West Harrison Street, sa unang palapag.

## AWTOMATIKONG ABISO SA BIKTIMA (AUTOMATED VICTIM NOTIFICATION, AVN)

**Ang County ng Cook ay may Sistema sa Awtomatikong Abiso sa Biktima na walang bayad, available sa maraming wika, at bukas nang 24 na oras. Para makakuha ng impormasyon tungkol sa petsa sa hukuma o kustodiya ng nasasakdal sa loob ng Bilangguan ng Cook County: tumawag sa 1-877-846-3445. *Huwag umasa sa AVN lang para sa iyong kaligtasan. Kung sa pakiramdam mo ay nasa panganib ka, mag-ingat r parang pinalabas na ang nasasakdal.***

## NOTIPIKASYON SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN SA ILLINOIS

Maaaring kwalipikado ang mga inosenteng biktima ng marahas na krimen na makatanggap ng mga benepisyo mula sa programa sa Kabayaran para sa Mga Biktima ng Krimen sa Illinois para sa mga gastos na gaya ng medikal na gastos, pagpapalibing, pagkawala ng suporta, at pagkawala ng sahod. *HINDI NAGBIBIGAY NG PAGBAWI PARA SA PAGKAWALA NG O PINSALA SA ARI-ARIAN, PATI NA SA PANANAKIT O PAGDURUSA.* Para mag-apply o matukoy kung kwalipikado ang isang tao, dapat makipag-ugnayan ang biktima, o kung patay na, ang kamag-anak o dependent, sa Tanggapan ng Pangunahing Abogado ng Illinois. Makukuha ang karagdagang impormasyon at mga form para sa claim mula sa Crime Victims Compensation Program, Office of the Attorney General of Illinois, 100 West Randolph Street, 13th Floor, Chicago, Illinois 60601, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-228-3368, TTY: 1-877-398-1130 o mag-email sa crimevictimservices@atg.state.il.us.

## PAGBAWI NG ARI-ARIAN - NABAWING NINAKAW NA SASAKYAN

Dapat *AGAD* na abisuhan ang Departamento ng Pulisya ng Chicago, sa pamamagitan ng pang-emergency na numerong "911", kapag nabawi na ang ari-ariang iniulat na nawala o ninakaw.

## MGA CREDIT CARD - TSEKE, NAWALA O NINAKAW

Agad na abisuhan ang pinag-uusapang nagbigay ng credit card o bangko sa pamamagitan ng telepono para mabawasan ang posibilidad na managot sa hindi awtorisadong paggamit ng iyong nawala o ninakaw na credit card o tseke. Iminumungkahi rin na ipaalam mo ito sa nagbigay ng credit card o bangko sa pamamagitan ng pagsulat bilang follow-up na hakbang para matiyak ang wastong pag-aabiso.



**MAHALAGA: ITABI ANG ABISONG ITO PARA SA IYONG MGA PERSONAL NA REKORD**

## Abiso sa Insidente sa Tahanan

Departamento ng Pulisya ng Chicago

**# ng R.D. ng Ulat ng Pulisya** ______________________________ **Purok ng Pangyayari** ________________

☐ **Ang Lungsod ng Chicago ay may libreng kumpidensiyal na Hot Line na available sa maraming wika at bukas nang 24 na oras na makakatulong sa iyong humingi ng tulong. (1-877- TO END DV) 1-877-863-6338 o TTY 1-877-863-6339**

Kung inabuso ka o kailangan mo ng tulong sa sitwasyon sa tahanan, may mga programang nag-aalok ng silungan, pagpapayo at legal na tulong. Masasagot ng Linya ng Tulong ang iyong mga tanong tungkol sa mga serbisyo sa karahasan sa tahanan at maikokonekta ka nito sa mga available na programa.

### ☐ MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA NG PANG-AABUSO SA TAHANAN

Nagbibigay ang Batas hinggil sa Karahasan sa Tahanan ng Illinois (Illinois Domestic Violence Act, IDVA) ng legal na tulong para sa mga biktimang inabuso ng mga miyembro ng pamilya o sambahayan. Tinutukoy ng IDVA ang mga miyembro ng pamilya o sambahayan bilang sinuman sa mga sumusunod na tao:

1. may kaugnayan sa dugo o sa pamamagitan ng kasalukuyan o dating kasal
2. na kabahagi o dating kabahagi ng isang karaniwang tirahan
3. na may o sinasabing may anak sa isa't isa
4. na kabahagi o sinasabing kabahagi ng kaugnayan sa dugo sa pamamagitan ng anak
5. na magkaiba o magkapareho ang kasarian na may o dating may ugnayan sa pamamagitan ng pakikipag-date o pagkakaroon ng engagement
6. na may mga kapansanan at ang kanilang mga personal na assistant at tagapangalaga.

**Kung isa kang biktima ng pang-aabuso sa tahanan, may karapatan kang:**

1. ipakumpleto ang ulat ng pulis para sa anumang krimen na iniulat sa pulis;
2. samahan ng pulis sa iyong tahanan para sa makatuwirang haba ng panahon para alisin ang mga kinakailangang personal na gamit; at
3. madala sa ospital o malapit na ligtas na lugar. Kung gusto mo, maaaring sumama sa iyo ang sinumang dependent na bata o nasa hustong gulang na nasa iyong pangangalaga.

### ☐ NOTIPIKASYON SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN SA ILLINOIS

Maaaring kwalipikado ang mga inosenteng biktima ng marahas na krimen na makatanggap ng mga benepisyo mula sa programa sa Kabayaran para sa Mga Biktima ng Krimen sa Illinois para sa mga gastos na gaya ng medikal na gastos, pagpapalibing, pagkawala ng suporta, at pagkawala ng sahod. *HINDI NAGBIBIGAY NG PAGBAWI PARA SA PAGKAWALA NG O PINSALA SA ARI-ARIAN, PATI NA SA PANANAKIT O PAGDURUSA.* Para mag-apply o matukoy kung kwalipikado ang isang tao, dapat makipag-ugnayan ang biktima, o kung patay na, ang kamag-anak o dependent, sa Tanggapan ng Pangunahing Abogado ng Illinois. Makukuha ang karagdagang impormasyon at mga form para sa claim mula sa Crime Victims Compensation Program, Office of the Attorney General of Illinois, 100 West Randolph Street, 13th Floor, Chicago, Illinois 60601, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-228-3368, TTY: 1-877-398-1130 o mag-email sa crimevictimservices@atg.state.il.us.

### ☐ PAGHAHAIN NG MGA KRIMINAL NA KASO

Kung nagsagawa ng pag-aresto ang pulis, sasabihan ka tungkol sa lokasyon ng at petsa sa hukuman. Kapag nag-ulat ka ng krimen pero hindi isinagawa ang pag-aresto, dapat kang pumunta sa Hukuman para sa Karahasan sa Tahanan sa lalong madaling panahon para humiling ng mga kriminal na kaso. Magdala ka ng kopya ng numero ng ulat ng pulis at anumang iba pang impormasyon (tulad ng mga litrato) sa Domestic Violence Court sa 555 W. Harrison, 1st floor, Lunes hanggang Biyernes, 8:30 am - 1:30 pm. Kapag naroon ka na, maaari kang makipag-usap sa assistant na abogado ng estado tungkol sa iyong kaso. Maaari ka ring humiling ng kautusan sa proteksyon.

**PANGALAN NG NAG-UULAT NA PULIS (NAKASULAT)** **NUMERO NG STAR**

### ☐ MGA PROBISYON SA BAIL BOND

**Maliban kung iba ang napagpasiyahan ng hukom**, iuutos sa nang-aabusong sinampahan ng krimen laban sa miyembro ng pamilya o sambahayan na HUWAG makipag-ugnayan o makipag-usap sa biktima at HUWAG pumasok o manatili sa bahay ng biktima (kahit na naninirahan doon ang nang-aabuso) sa loob ng 72 oras pagkatapos magbayad ng bond. **Kung lumabag ang nang-aabuso sa "72 oras na tuntunin," dapat kang agad na tumawag sa 911.**

### ☐ MGA KAUTUSAN SA PROTEKSYON

Ang kautusan sa proteksyon ay kautusan ng hukuman mula sa hukom na nag-uutos sa nang-aabuso na gumawa o huminto sa paggawa ng mga partikular na pagkilos. **Maaari kang humiling ng kautusan sa proteksyon kahit na kasama mo sa bahay ang nang-aabuso sa iyo.**. Maraming posibleng remedyo ang maibibigay ng kautusan sa proteksyon. Ilan sa mga halimbawa nito ang:

1. iutos sa nang-aabuso sa iyo na ihinto ang pang-aabuso, palihim na pagsunod (pag-stalk), pagpapabaya o pananamantala sa iyo;
2. bigyan ka ng karapatang manatili sa bahay at pigilan ang nang-aabuso sa pananatili roon;
3. iutos sa nang-aabuso sa iyo na layuan ka sa paaralan, trabaho o iba pang lugar;
4. iutos sa nang-aabuso sa iyo na huwag umuwi habang nasa ilalim ng impluwensiya ng droga o alak; at
5. iutos sa nang-aabuso sa iyo na isuko ang anumang baril.

Libre ang mga kautusan sa proteksyon. Walang singil para sa paghahain at hindi mo kailangan ng abogado.

**KUNG MAYROON KA NANG KAUTUSAN SA PROTEKSYON AT LUMABAG ANG NANG-AABUSO SA IYO SA KAUTUSAN, DAPAT KANG AGAD NA TUMAWAG SA 911.**

**Paano Humiling ng Kautusan sa Proteksyon**

Maaari kang humiling ng kautusan sa proteksyon sa sibil o kriminal na hukuman. Maaaring ipatupad ang pareho sa pamamagitan ng pag-aresto. Kung hindi ka makakahiling ng kautusan dahil sa edad, kalusugan o kapansanan, maaaring may ibang taong pumunta sa hukuman at humiling ng kautusan para sa iyo.

**<u>Hukuman para sa Krimen (Criminal Court)-</u>** sa 555 West Harrison, unang palapag, Lunes - Biyernes, 8:30 am - 1:30 pm. Dapat handa kang humiling ng mga kriminal na kaso laban sa nang-aabuso sa iyo para makatanggap ng kautusan sa kriminal na hukuman. Kung naaresto na ang nang-aabuso sa iyo, HUWAG maghintay hanggang sa petsa ng paglilitis para humiling ng kautusan sa proteksyon, mag-ulat sa hukuman para sa Karahasan sa Tahanan sa lalong madaling panahon pagkatapos ng krimen.

**<u>Hukumang Sibil (Civil Court)-</u>** sa 555 West Harrison, unang palapag, Lunes - Biyernes, 8:30 am - 3:00 pm Kung hindi mo gustong magsampa ng mga kriminal na kaso laban sa nang-aabuso sa iyo, maaari kang humiling ng kautusan sa proteksyon sa sibil na hukuman. Maaari ding ibigay ang mga kautusan sa proteksyon sa diborsiyo o iba pang sibil na paglilitis, na sa pangkalahatan ay sa tulong ng abogado. Kung interesado ka sa sibil na kautusan sa proteksyon pagkatapos ng mga karaniwang oras ng hukuman, maaari kang makakuha ng pagdinig sa hukuman pagkatapos ng mga oras ng trabaho. Pumunta sa https://www.cookcountycourt.org/ABOUT-THE-COURT/County-Department/Domestic-Violence# at i-click ang tab na 'Mga Oras (Hours)' para malaman ang higit pa.

**Ang Lungsod ng Chicago ay may libreng kumpidensiyal na Hot Line na available sa maraming wika at bukas nang 24 na oras na makakatulong sa iyong humingi ng tulong.**

**(1-877- TO END DV) 1-877-863-6338 o TTY 1-877-863-6339**

☐ **Tandaan: Kung ikaw ay nasa AGARANG PANGANIB, dapat kang tumawag kaagad sa 911.**

**PANGALAN NG NAG-UULAT NA PULIS (NAKASULAT)** **NUMERO NG STAR**



Tandaan: Available din ang Abiso sa Insidente sa Tahanan sa Braille.